


Tomo XXX Bilang 6 Oktubre 2000

**EDITORYAL** 





#### **NILALAMAN**

- 1 Editoryal: Ibayong isulong ang rebolusyon at ibagsak ang rehimeng US-Estrada
- 4 Patuloy ang pagdausdos ng ekonomya
- 5 Ang aping kalagayan ng mga guro sa bansa
- 8 Basura sa dating base militar: Nakalalasong pamana
- 10 VFA: Ibayong imperyalistang panghihimasok
- 12 UN: Tagapagtanggol ng imperyalismo
- 14 Mga balita ng pakikibaka

#### PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nagaanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa

http://angbayan.cjb.net o http://redrival.com/ang\_bayan/index.htm

Tatanggap din ng mga liham sa

editors@angbayan.cjb.net.

Dumaranas ng napakasidhing pampulitikang krisis ang naghaharing sistema. Kinatatampukan ito ng lumalawak na pagkilos ng mamamayan, ng tuwirang banggaan ng mga reaksyunaryong paksyon at ng sagad-sagarang pagkakahiwalay ng naghaharing rehimeng Estrada. Sa kabila ng konsensus sa pagitan ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri na kailangang mabilis na lutasin ang krisis pampulitika, hirap na hirap silang resolbahin ito dahil sa pagbubuhul-buhol ng mga personal at paksyunal na ambisyon, interes ng malalaking negosyo, interes ng mga sindikatong kriminal at iba pa.

Isang magandang pangyayari ang pagkalas ni Luis "Chavit" Singson sa sindikatong kriminal ni Estrada-Atong Ang at pagtestigo niya laban sa malawak na korupsyon, operasyong kriminal at kabulukan sa gubyernong Estrada. Inengganyo nito ang mga reaksyunaryong anti-Estrada, sa partikular ang paksyong Ramos at Aquino, na lumantad at makiisa sa panawagan at mga pagkilos upang patalsikin si Estrada. Pinasiklab nito ang kasalukuyang pampulitikang krisis ng naghaharing sistema.

Patuloy na lumalawak ang nagkakaisang prenteng anti-Estrada ng mga pwersang patriyotiko at demokratiko. Kabilang dito ang mga organisasyon ng batayang masang manggagawa at magsasaka, ng sektor ng kababaihan, kabataan, mga propesyunal, kawani ng pamahalaan pati na ang mga mayor na sektang relihiyoso, mga akademikong institusyon at mga pulitikong anti-Estrada.

May umiiral na koordinasyon at tulungang pormal at di pormal, hayag at lihim sa mga pagsisikap na wakasan ang rehimeng Estrada. Nanawagan si Jaime Cardinal Sin at Corazon Aquino para sa pagbibitiw o pansamantalang pagbabakasyon (leave of absence). Dahan-dahan ay nakaiipon ng tagasuporta sa kongreso ang resolusyon para sa impeachment (pagtanggal sa pwesto) ni Estrada habang patuloy na isinasagawa ang pagdinig sa Senado ng kaso sa hweteng na lalong nagdedetalye sa mga iligal na operasyon at katiwalian ng gubyernong Estrada. Sa masmidya, ibinubunyag ang daan-daang milyong pisong mga mansyon ni Estrada at ng kanyang mga asawa sa mga eksklusibong subdibisyon na ibayong nagpapaapoy sa galit ng mamamayang Pilipino.

Lahat ng mga ito ay ambag sa pangkalahatang pagsisikap na pabagsakin ang gubyernong Estrada. Subalit ang higit na mahalagang pagtuunan ng pansin at pagpupunyagi ay ang ibayong mas demokratiko at makapangyarihang paglahok ng milyun-milyong mamamayan sa mga dambuhalang kilos-protesta sa lansangan. Ang halaga nito ay pinatunayan ng pag-aalsa sa EDSA noong 1986 na nagpabagsak kay Marcos kaalinsabay ng rebelyon ng militar at pulisya. Ang tuluy-tuloy na paglawak ng mga kilos-protesta ay mapagpasyang salik sa paglaban kay Estrada. Dahil ito ang nagbibigay-lakas at bigat sa iba pang mga paraan ng pagpapatalsik kay Estrada, kailangan itong pagtulungan ng lahat ng pwersang anti-

Oktubre 2000 \*ANG BAYAN

Estrada.

Nag-iilusyon si Estrada na lilipas din ang krisis pampulitikang yumayanig sa kanyang poder. Sinisikap niyang hatiin ang nagkakaisang prenteng anti-Estrada sa pamamagitan ng mga populistang islogan at pangungutya sa lumalawak na protesta bilang pakana lamang ng "mayayamang" kalaban niya sa pulitika. Ginagamit niya ang mga maralitang lungsod upang magdaos ng mga palabas na pamamahagi ng lupa; at tulad ni Marcos, nag-oorganisa si Estrada ng mga panatikong loyalista at gumagamit ng pondo ng gubyerno upang hakutin sila sa mga raling maka-Estrada.

Ipinananakot ni Estrada na mayroong mga nagpaplano

ng pambobomba at panununog upang bigyang-matwid ang paggamit ng pwersa sa pagsupil sa mga aksyong masa. Subalit ang ganitong mga hakbang ay lalo lamang nagpapagalit sa mamamayan at nag-uudyok sa kanila na lalo pang lumaban.

Ginagamit rin ni Estrada ang maliliit na kontra-rebolusyonaryong grupo, partikular ang Sanlakas-BMP. Sa pananawagang magbitiw ang lahat ng pambansang upisyal ng reaksyunaryong gubyerno at "baguhin ang sistema", layunin ng mga grupong ito na lumikha ng lamat sa nagkakaisang prenteng anti-Estrada, maling palawakin ang tar-

get ng protesta upang pahinain o ilayo ang puntirya kay Estrada at palabasing mababago ang sistema ng gubyerno kahit walang rebolusyonaryong pakikibaka o sa simpleng pagtanggal o pagbibitiw ng ilang upisyal. Maari rin silang maglunsad ng mga pakanang insureksyunista, tulad ng panununog ng bus, paninira ng mga ari-arian at iba pa upang bigyang-matwid ang opsyon ni Estrada na ipataw ang batas militar.

Ngunit lahat ng plano ni Estrada na manatili sa poder ay tiyak na lulunurin ng agos ng protesta. Gumegewang na ang kaniyang rehimen. Ilang panahon na lamang ay babagsak ito katulad ng pagbagsak ng diktadurang Marcos.

SA AKTWAL, INILAGLAG NA NG IMPERYALISMONG US SI Estrada dahil sagabal na ito sa kapanatagan ng naghaharing sistema. Ang pinakamalaking senyales nito ay ang pagkakait

ng IMF sa bagong \$310-milyong pautang matapos tanggihan ang ipinanukalang mas mataas na mga target sa depisito sa badyet ng gubyerno.

Itinutulak ng imperyalismong US ang mabilis na paglutas sa krisis sa pulitika ng naghaharing sistema. Nangangamba ito na habang tumatagal, lumalalim at nagiging mahirap paghilumin ang nililikha nitong lamat sa naghaharing sistema, kabilang na ang posibilidad na muling sumambulat ang tuwirang armadong banggaan ng magkakalabang reaksyunaryong paksyon. Gayundin, nangangamba ang US na ibubunsod ng krisis na ito ang paglawak at paglakas ng ligal na demokratikong kilusan at ng rebolusyonaryong armadong kilusan sa kanayunan.

Sa kabila ng mga senyales ng US, patuloy na nagmamatigas si Estrada na kumapit sa poder. Lahat ng mga iniaalok na opsyong ligal ay tinanggihan niya kabilang na ang kanyang pagbibitiw, pansamantalang pagbabakasyon at pagbibigay-daan sa snap election. Dahil dito, kumikitid ang puwang para sa mabilis at mahinahong paglutas sa pampulitikang krisis ng naghaharing sistema. Sa kabilang panig, binibigyan nito ng puwang at pagkakataon na makapagpalawak at makapagpalakas ang mga kilosprotesta hanggang makapag-ipon ito ng sapat na lakas upang ibagsak si Estrada.

Anuman ang maging paraan ng

pagwawakas sa rehimeng Estrada at sinuman ang humaliling pinuno ng reaksyunaryong estado, hindi ito magreresulta sa katatagan ng naghaharing sistema. Sadyang lumiliit nang lumiliit ang espasyo para mahinahong magsamahan at

maghatian ang magkakalabang reaksyunaryong paksyon sa burukratang kapitalistang operasyon at iba pang pakinabang at pribilehiyo sa estado poder.

Kakailanganing harapin ng papalit na gubyerno ang demokratiko at patriyotikong interes ng mamamayan. Ang mga aksyong masang magpapabagsak kay Estrada ay tiyak na magtataas sa antas ng kamulatan, kapasyahan at kakayahang lumaban ng mamamayan. Haharapin din ng hahaliling gubyerno ang nag-iibayong lakas ng rebolusyonaryong kilusan, laluna ang umiigting na rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan. Hindi magiging kasindali para sa bagong gubyernong ito na walangpakundangang lapastanganin at yurakan ang pambansa ▶

Subalit ang higit na mahalagang pagtuunan ng pansin at pagpupunyagi ay ang ibayong mas demokratiko at makapangyarihang paglahok ng milyunmilyong mamamayan sa mga dambuhalang kilosprotesta sa lansangan.

Sa harap ng malubhang krisis sa pulitika

# Patuloy ang pagdausdos ng ekonomya

Ang ekonomya ng Pilipinas ay patuloy na dumadausdos sa harap ng pagsidhi ng pampulitikang krisis ng naghaharing sistema. Dahil atrasado at walang mga saligang industriya ang ekonomya ng Pilipinas, ito ay palagiang nasa krisis; at madaling sumasadsad bunga ng mga kombulsyon sa pulitika.

Sa loob lamang ng isang buwan, dumausdos ang halaga ng piso laban sa dolyar mula sa mahigit lamang P46 sa \$1, hanggang sa mahigit P50 bawat dolyar. Kahit ang mga "manunuri" ay tumatanggi nang magbigay ng kanilang pagtaya sa aabuting pagbagsak ng piso.

Sa desperasyong pigilin ang walang tigil na pagbagsak ng halaga ng piso, patuloy na itinataas ng Bangko Sentral ang mga *interest rate* sa pautang sa hangaring akitin ang mga ispekulador sa salapi na bumili ng piso.

Dahil sa hakbanging ito, itinaas ng mga bangko nang hanggang 18 puntos sa porsyento ang interes sa kanilang mga pautang at itinulak ito hanggang 35%.

Pumipinsala ito, higit sa lahat, sa mga lokal na maliit at panggitnang negosyo na nakasalalay sa mga inaangkat na hilaw na sangkap para sa produksyon. Maliit din ang tantos ng tubo ng mga negosyong ito kayat madaling tumitiklop sa mataas na interes sa pautang. Sa mga nakaraang buwan bago nitong mabilis na pagdausdos ng halaga ng piso, naitala na ang pagbagsak ng importasyon. Ang pagsasara ng Sarao Motors, Inc., isa sa pinakakilalang nag-aasembol ng mga pampasaherong dyip ay nagpapatampok sa pagsadsad ng lokal na produksyon.

Bumagsak din nang 21.4% ang dayuhang pamumuhunan nitong ikalawang kwarto mula P10.7 bilyon patungong P8.44 bilyon. Inaasahang patuloy pa itong babagsak sa ikatlong kwarto lalo't binigyan ng negatibong grado ng mga dayuhang bangko at institusyong pampinansya ang ekonomya ng bansa.

Ang *stock market* sa Pilipinas ay sinasabing isa sa limang pinakamasama sa buong mundo. Para itong may nakahahawang sakit na iniiwasan ng mga ispekulador sa *stocks*. Sa loob lamang ng ilang araw, bumagsak nang 87 puntos ang *stock exchange* mula 1,373 (Oktubre 5) hanggang 1,282 puntos (Oktubre 16).

Said na said na ang pondo ng

◀ at demokratikong interes ng mamamayan sa takot na sapitin nito ang sinapit ni Marcos at sasapitin ni Estrada.

Buong katiyakan na ang tatayong gubyerno matapos ibagsak ang rehimeng Estrada ay magiging papet din ng imperyalismong US at magsisilbing tagapangalaga ng estadong neokolonyal. Ang rebolusyonaryong proseso ng pagpapalaya sa Pilipinas mula sa imperyalistang kontrol ay higit na mas kumplikado at mahirap kaysa pagpapabagsak sa gubyerno ni Estrada.

Kaya kinakailangang samantalahin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang kasalukuyang pampulitikang krisis ng naghaharing sistema upang mabilis na isulong at palakasin ang rebolusyonaryong kilusan.

Tungo rito, isinaad sa pahayag ng Komiteng Tagapagpaganap-Komite Sentral ng Partido nitong Oktubre 14 ang sumusunod na tungkulin: (1) ilunsad ang mga taktikal na opensiba at paigtingin ang armadong pakikibaka; (2) paigtingin ang mga protesta at pakikibakang masa; (3) palawakin at pasiglahin ang mga kampanyang antipyudal

at iba pang kampanyang masa sa kanayunan kasabay ng pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya; (4) mapangahas na palawakin ang mga ugnay at magpakahusay sa mga taktikang nagkakaisang prente; (5) palawakin ang gawaing propaganda at edukasyong pampulitika; at (6) mapangahas na palawakin ang Partido nang hindi pinalulusot ang ni isang masamang elemento. Responsibilidad ng lahat ng kasapi at yunit ng Partido na pag-aralan ang pahayag na ito at iangkop at ipatupad ang mga nakasaad na tungkulin sa kanikanilang saklaw.

Ang mga rebolusyonaryong pwersa ay nangunguna sa paglantad at paglaban sa papet, pasista at bulok na gubyernong Estrada. Mananatili itong nasa unahan ng pagsisikap na ilantad at labanan ang mga susunod pang papet na gubyernong ihahalili sa tuktok ng estadong neokolonyal habang patuloy na pinanghahawakan ang mga pangmatagalang tungkulin ng hakbang-hakbang na pagiipon ng armado at organisadong lakas at baha-bahaging pagdurog sa kaaway hanggang hinog na ang sitwasyon upang ibagsak ang naghaharing sistema.

gubyerno. Nitong Setyembre pa lamang ay umabot na sa P82.983 bilyon ang depisito sa badyet ng gubyerno, mas mataas nang mahigit P35 bilyon kaysa isang-taong target na P62.5 bilyon. Tinataya ng gubyerno na aabot ito sa P110 bilyon sa buong taon, katumbas halos ng P111.7 bilyong depisito noong 1999 lalupa't tumangging magbigay ng bagong pautang ang IMF at patuloy na hindi maabot ang mga target sa ibebentang mga korporasyong pampubliko.

Ang masang anakpawis ang pangunahing binibigwasan ng pagdausdos ng krisis sa ekonomya. Patuloy na lumalaki ang bilang ng mga walang hanapbuhay. Sa upisyal na estadistika ng gubyerno, umaabot na sa 11% ang tantos ng disempleyo, ang pinakamataas mula 1986. Kung tutuusin, aabot sa mahigit 56% o lagpas 28 milyon ang walang trabaho.

Napakababa ng P26.50 dagdag sa minimum na sahod na inaprubahan ng gubyerno nitong Oktubre 6. Malayung-malayo ito sa ipinaglalabang P125 dagdag sa sahod ng mga manggagagawa at sa tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin bunga ng pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo. Sa unang linggo ng Nobyembre, nakatakda na namang magtaas nang hanggang piso bawat litro ang mga dambuhalang kumpanya sa langis.

HABANG PATULOY NA LUMALALA ANG pampulitikang krisis ng naghaharing sistema, patuloy ding dumadausdos ang ekonomya. Gayunpaman, kahit malutas ang kasalukuyang krisis sa pulitika, magpapatuloy ang krisis sa ekonomya at magbubunsod ito ng mas malalala pang pampulitikang krisis sa naghaharing sistema sa hinaharap.


Nagtuturong makibaka

## Ang aping kalagayan ng mga guro sa bansa

Malaon nang api ang mga guro sa bansa. At lalo pang tumitindi ang pang-aapi sa kanila sa matapat na pagsunod ng rehimeng Estrada sa kautusan ng IMF-World Bank na sistematikong bawasan ang badyet para sa mga serbisyong panlipunan kabilang ang edukasyon. Mas nasa interes ng rehimen na maglustay ng pera sa mapanalantang digma laban sa mamamayan kaysa pahusayin ang kalagayan ng mga guro.

Napakababa ng sweldo ng mga guro sa bansa. Sa kabila ng deklarasyon ng National Statistics Office na ang *monthly poverty threshold* ay P13,260.00, umaabot lamang sa

paaralan at umaabot lamang sa P4,967.02 ang kanilang *take home pay.* Sa iba pang mga rehiyon, minsa'y P2,200 na lamang bawat buwan ang *take home pay,* katulad ng kaso sa



ANG BAYAN\* Oktubre 2000 5

guro ang nakatatanggap lamang ng kalahati ng kanilang buwanang sweldo dahil sa mga kaltas; at 25,584 ang nagsabing kinakaltasan nang mahigit 50% ang kanilang kabuuang sweldo.

Malaking suliranin din ang madalas

Sa kabila ng papahigpit na pangangailangan para sa karagdagang guro, nakatuon ngayon ang rehimen sa malawakang tanggalan ng mga pampublikong guro.

na pagkaantala ng kakarampot na ngang sweldo. Ayon sa parehong pagaaral, 72,400 o 70% ang nagsabing natanggap nila ang kanilang unang sweldo isa hanggang tatlong buwan matapos ang unang araw ng trabaho.

Dahil kulang na kulang ang sweldo sa pang-araw-araw na pangangailangan ng kani-kanilang pamilya, napipilitang lumapit sa mga pribadong nagpapautang (private lenders) ang mga guro. Noong 1999, umabot sa P10 bilyon ang kabuuang di nababayarang utang ng may 300,000 guro sa pampublikong paaralan. Ang mga pribadong nagpapautang na ito, na umaabot sa 112, ay aprubado (accredited) mismo ng DECS at sumisingil ng 36-108% interes sa pautang. Noong 1998, kumita ang nangungunang 10 sa mga ito ng P5.5 bilyon o 74% ng kabuuang P7.5 bilyong kinaltas sa mga guro.

Kasabwat ng mga buwayang ito ang DECS sa pagsagpang sa des-

perasyon ng mga guro. May 2% bahagi ang DECS sa bayad sa pagkakautang ng mga guro na kinakaltas sa kanilang sweldo bilang *service fee* umano ng mga nagpapautang sa DECS. Noong 1998, sa P13 milyon bawat buwan,

nagkamal ang DECS ng P157 milyon mula sa 2% ito. Idinadahilan ng DECS na ipinandaragdag daw

ang kalahati ng service fee na ito sa sweldo ng mga klerk na kumukulekta ng naturang bayarin.

Ang natitira raw ay napupunta sa Provident Fund na para umano sa mga programa sa pag-

bibigay ng ayuda sa mga guro. Sa ngayon, hindi malinaw ang katayuan ng pondong ito.

Marami ring kaso na kahit bayad na ang mga guro ay kinakaltasan pa rin ang sweldo para sa pagkakautang dahil sa magulong sistema ng pagrerekord.

Sa halip na pataasin ang sweldo ng mga guro upang maiwasan ang pagkakalubog ng mga ito sa utang, mas pinaplano pa ngayon ng DECS at ng Government Service Insurance System (GSIS) na pagkakitaan ang paghihikahos ng mga guro sa pamamagitan ng "pagpapahusay" ng sistema sa pagpapautang ng GSIS.

Kasabay ng iba pang serbisyong panlipunan, sadyang pinaliliit ng rehimen ang badyet sa edukasyon. Sa kabila ng papahigpit na pangangailangan para sa karagdagang guro, nakatuon ngayon ang rehimen sa malawakang tanggalan ng mga pampublikong guro. Sa halip na paunlarin ang mga pampublikong unibersidad at kolehiyo na hindi raw nakapapasa sa pamantayan ng gubyerno sa kalidad ng edukasyon, isasara o isasanib ang mga ito sa mas malalaki at mas mahuhusay na

eskwelahan na magdudulot lamang ng pagtatanggal ng mga guro. Ayon mismo sa Commission on Higher Education, "dahan-dahan subalit tiyak" na mangangalahati ang 109 pampublikong kolehiyo at unibersidad dahil pagsasanib-sanibin ang mga ito.

Kapag naglulunsad ng pakikibaka ang mga guro para sa makatarungang sweldo at benepisyo, nagpapalabas ng kautusan ang rehimen para papiliin sila sa pagitan ng kanilang pakikibaka at kasiguruhan sa trabaho. Halimbawa, upang hadlangan ang kanilang pakikibaka para sa P3,000 across the board na pagtaas ng sweldo, nagpalabas ng kautusan ang rehimen, sa pamamagitan ng Professional Regulation Commission at Civil Service Commission, hinggil sa Licenture Examination for Teachers (LET). Batay sa kautusang ito, tatanggalin umano sa serbisyo ang mga gurong hindi pa pumapasa sa LET. Matigas ding nagbanta ang PRC na papatawan ng parusang anim na buwan hanggang limang taong pagkakabilanggo at P5,000 hanggang P20,000 multa ang may-ari ng paaralan o guro na lalabag sa patakarang ito.

Dagdag na pahirap ng rehimen sa mga guro ang pagtatanggal ng kanilang mga benepisyo. Halos kauupo pa lamang ni Estrada at kasabay ng sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, tinanggal ng rehimen ang *amelioration pay* ng mga pampublikong guro. Noong nakaraang taon, tinanggal din ang taunang P7,000 *hazard pay*.

Noong Mayo 10, ipinahayag ni Sec. Andrew Gonzales, kalihim ng DECS, na P3,000 lamang ang ibibigay na *clothing/uniform allowance* sa mga guro. Ito ay sa kabila ng pagkakatakda sa General Appropriations Act ng reaksyunaryong gubyerno na

P4,000 ang naturang allowance. Ang P1,000 ay dedepende Napakasama rin ng kundisyon sa pagtatrabaho ng mga guro. Ayon sa isang sarbey sa mga guro, 25% sa kanila ang nagtuturo sa silid-aralang walang kisame, 27% sa madidilim na silid-aralan, 20% sa kulob na silid-aralan, 55% sa walang elektrisidad, 84% sa walang suplay ng tubig at 62% sa walang palikuran.

Dahil sa kakulangan ng mga guro, napipilitan silang magturo sa napakaraming estudyante (na umaabot hanggang 80). Dahil sa kakulangan sa silid-aralan, maraming guro ang nagtuturo sa ilalim ng mga punongkahoy, sa mga *gym*, paradahan, pasilyo at iba pang lugar na hindi angkop para sa maayos na pagtuturo at pag-aaral.

Kung sa bawat isang guro ay itutumbas ang 45 mag-aaral, nangangailangan ang DECS ng 116,233 karagdagang guro. Sa kabila nito,

estudyante. Halimbawa, noong Setyembre, nabunyag ang pagwaldas ni Gonzales ng P24 milyon upang ipambili ng 24 na mamahaling sasakyan para sa kanilang kapakinabangan.

Nitong unang linggo ng Oktubre, napabalitang pitong matataas na upisyal ng DECS sa Camarines Norte ang iimbestigahan dahil sa pagbebenta ng mga pusisyon sa mga guro. Ilang mga aplikanteng guro ang hiningan ng bayad kapalit ng pagtanggap sa trabaho o ng pagkapermanente sa serbisyo.

SINASALUBONG NG PAGLABAN NG MGA guro ang pagpapabaya ng rehimen sa kanilang kapakanan at sa buong sektor ng edukasyon sa bansa. Noong nakaraang taon, militanteng nakibaka ang mga guro para sa P3,000 across the board na pagtaas ng sweldo, amelioration allowance at iba pang benepi-

syo. Napilitang magbigay ng 10% pagtaas ng sweldo ang rehimeng Estrada. Isang panimulang tagumpay ang natamo ng mga guro subalit dahil sa

hindi pa rin sapat ang umento, tuloy pa rin ang kanilang pakikibaka para sa karampatang sweldo at mga benepisyo. Noong Agosto 18, pitong malalaking organisasyon ng mga guro sa pampublikong paaralan ang nanawagan para sa P2,000 dagdag sa kanilang *take home pay*.

Nararapat lamang na patuloy na palakasin ng mga guro ang kanilang pagkakaisa at paigtingin ang pakikibaka para sa kanilang mga karapatan. Nararapat ding patuloy na palakasin ang pakikipagkaisa sa iba pang sektor para sa pagpapabagsak sa rehimeng US-Estrada at laban sa naghaharing bulok na sistema.

Nararapat lamang na patuloy na palakasin ng mga guro ang kanilang pagkakaisa at paigtingin ang pakikibaka para sa kanilang mga karapatan.

umano sa pagkakaroon ng pondo.

Kulang na kulang din ang serbisyo at benepisyong

pangkalusugan sa mga gurong maghapong pagod sa pagtuturo. Sa isang buwan, P37.50 lamang ang kanilang Medicare.

Halos 20% ng mga guro sa pampublikong paaralan ang walang sariling tirahan. Pinagtutubuan lamang sila ng rehimen sa mga programa nito sa pabahay. 5,890 lamang daw ang "kayang" tanggapin ng DECS ngayong taon at ang 605 nito ay mapupunta pa sa gawaing upisina.

Inoobliga ng rehimen ang mga guro na gumampan ng mga trabahong labas sa pagtuturo nang walang sapat na kompensasyon. Sapilitan silang pinagtatrabaho sa panahon ng mga eleksyon para magbilang at magbantay ng mga balota. Sila rin pinakukuha ng sensus ng reaksyunaryong gubyerno.

BATBAT NG KORUPSYON ANG DECS. Walang kahihiyang nilulustay para sa sariling luho ng matataas na upisyal nito ang pondong para sa mga guro at

Basurang iniwan ng US sa dating mga base militar

### Nakalalasong pamana

atuloy na binabalewala ng imperyalismong US at ng rehimeng Estrada ang kapakanan ng daan-daang mamamayang biktima ng nakalalasong basurang iniwan ng mga tropang Amerikano nang kanilang lisanin ang dati nilang mga base militar sa Clark at Subic noong 1992.

Patuloy ding nagbibigkis ng hanay ang mga biktima upang kundenahin ang pagbabalewalang ito at igiit sa gubyerno ng US at Pilipinas na linisin ang lasong iniwan sa mga base at bigyan ng karampatang danyos ang mga biktima.

**DUMARAMING BIKTIMA.** Mula 1995, mahigit 126 katao mula sa mga komunidad sa dating Clark Air Base sa Pampanga at Subic Naval Base sa Zambales ang namatay nang dahil sa kanilang eksposyur sa nakalalasong basura ng mga base militar. Di rin bababa sa 174 katao mula sa naturang mga lugar ang dokumentadong may malubhang karamdaman. Karamihan sa kanila ay may sakit na kanser.

Marami sa mga biktima ay mga bata katulad ng anim-na-taong gulang na si Crizel Valencia, na namatay noong Hulyo sa sakit na lukemya. Nasalanta sa pagputok ng bulkang Pinatubo ang pamilya ni Crizel at inilikas sila ng gubyerno sa Clark Air Base Command evacuation center sa kabila ng panganib na dala ng kontaminadong tubig doon. Namatay rin noong Hulyo ang pitong-taonggulang na si Rogelio Palo at ang 32taong-gulang na si Marian Basilio, kapwa sanhi ng malalang anemya at sakit sa bato.

Dalawang-daan pitumpu't dalawa (272) pang biktima ang mula sa evacuation center na pinagdalhan sa pamilya ni Crizel. Dalawampu't walo

(28) naman ay mula sa isang maralitang komunidad sa tapat lamang ng dating Subic Naval Base.

NAGHAHANAP NG KATARU-NGAN. Noong Hulyo 20 ay nagsampa ng kaso laban sa gubyernong US at rehimeng Estrada ang mga kamaganak ng 300 biktima upang panagutin sila sa kanilang kriminal na


\$102 bilyon ang mga biktima sa gubyernong US at P52 bilyon sa rehimeng Estrada bilang danyos. Isa pang kaugnay na kaso ang isasampa sa US.

May 200 pang biktimang nakahanay na magsampa ng sarili nilang kaso laban sa mga salarin. Bukod sa mga biktima ng nakalalasong basura, sasama sa mga magsasampa ng kaso ang mga pamilya ng mga sibilyang namatay at nasugatan bunga ng pagsasanay ng mga tropang Amerikano sa mga *firing range* sa Subic mula pa noong dekada 1970. Marami sa

mga biktimang ito ay mga maralitang namumulot ng basura sa paligid ng base at mga katutubong Aeta na nakatira at ngangaso sa kagubatang pinagdausan ng mga pagsasanay.

Bago nito, may isa nang class suit na isinampa noong 1992 ang 1,000 dating manggagawa ng Ship Repair Facility sa Subic Naval Base na nagkasakit ng asbestosis, sakit sa baga na sanhi ng pagkakalanghap ng asbestos, dahil sa ilang dekadang pagtutuklap nila nito mula sa mga barko ng US Navy nang walang sapat na proteksyon.

Sa pangkalahatan, mula 1984 hanggang 1991, mayroon nang 1,259 kasong nakasampa laban sa gubyernong US mula sa mamamayan ng



yalistang pananalanta. Kung pagsasama-samahin ay may kabuuang \$25.8 bilyon ang halaga ng danyos na hinihingi ng mga ito. Ang \$102-bilyong *class suit* ng mga biktima sa Pilipinas ang pinakamalaki.

#### MALALANG KONTAMINASYON.

Unang tumingkad ang usapin ng nakalalasong basura sa Clark at Subic nang maglabas ng ulat ang US General Accounting Office (US GAO) hinggil dito noong 1992. Anang US GAO, kontaminado ang lupa at tubig sa ilalim (groundwater) ng mga dating base militar ng US kapwa sa sariling bansa at sa ibayong dagat.

Kabilang sa mga natagpuang lason sa Clark at Subic ang *polychlorinated biphenyl*, tingga at iba pang mapanganib na kemikal na ibinaon lamang ng militar ng US sa lupa; at mga produktong petrolyo tulad ng *solvent* na *benzene* na tumagas mula sa 93-kilometrong tubong nagdurugtong ng dalawang base militar at naging sanhi ng kontaminasyon ng mga palayan at tubig pang-irigasyon sa paligid nito.

Bukod sa US GAO, kumpirmado ng mismong US Department of Defense, ng World Health Organization at ng ilang pribadong kumpanya ng US ang naturang kontaminasyon. Tinukoy din ng mga pag-aaral ang di pangkaraniwang dami ng kaso ng mga nagkakasakit ng lukemya at iba pang uri ng kanser sa mga komunidad sa paligid ng mga base, bukod sa abnormal ding dami ng mga may sakit sa bato, baga, balat at *nervous system* at kababaihang naaagasan, nagluluwal ng patay o may mga kapansanang sanggol.

Tinatayang may 26-47 lugar sa mga dating base militar ng US na kontaminado ng nakalalasong basura (di bababa sa 16 sa Clark at 10 sa Subic) batay sa mga pag-aaral ng gubyerno at ng iba pang independyenteng organisasyon.

#### KRIMINAL NA PAGPAPABAYA.

Tiyak na dadami pa ang bilang ng mga biktima ng nakalalasong basura dahil sa patuloy na pagtanggi ng gubyerno ng US at ng Pilipinas na linisin ang mga iniwang base militar.

Patakaran ng US Department of Defense na takasan ang responsibilidad nito sa paglilinis ng anumang nakalalasong kontaminasyong matatagpuan sa mga base militar nito sa ibang bansa matapos itong lisanin ng mga tropa nito. Pananagutan na raw ito ng gubyerno ng bansang iyon.

Tulad ng amo nitong imperyalista, wala ring tulong na ibinibigay ang rehimeng Estrada sa mga biktima. Hindi sila binibigyan ng karampatang serbisyo ng Philippine General Hospital, National Kidney and Transplant Institute, Philippine Heart Center at iba pang ospital ng gubyerno dahil umano sa kakulangan ng pondo.

Malinaw na hindi kusang-loob na pananagutan ng imperyalismong US at ng tutang rehimen ang responsibilidad nito sa mga biktima ng nakalalasong basura. Sa unang pagdinig sa kasong isinampa ng 300 biktima noong Setyembre sa Lunsod ng Angeles, wala ni isang kinatawan ng mga gubyerno ng US at Pilipinas ang dumalo. Ang kasong isinampa noon pang 1992 ng mga biktima ng asbestosis ay nagbunga lamang ng mga "di kumpletong bayad" nang mula ilang daan hanggang ilang libong dolyar sa mga biktima. Samantala, marami sa mga nagkasakit ay namatay na.

Kailangang walang pagod na ilantad, batikusin at panagutin ang imperyalismong US at ang mga papet na rehimen nito sa kanilang kriminal na pagkakasala sa mga biktima ng nakalalasong basura. Kailangang iugnay ang pakikibakang ito sa pakikibaka laban sa pananalanta ng


Kailangang walang pagod na ilantad, batikusin at

panagutin ang imperyalismong US at ang mga papet na rehimen nito sa kanilang kriminal na pagkakasala sa mga biktima ng nakalalasong basura.

Tanda ng pagtanggi nila sa problema at pagbabalewala sa kapakanan ng mga biktima ang hindi pagsaklaw sa mga base militar ng isang kasunduan hinggil sa pangangalaga ng kalikasan na pinirmahan ni Estrada at ng presidente ng US na si William Clinton noong Hulyo. Wala ring silbi ang executive order ni Estrada noong Enero na nag-uutos sa pagbuo ng isang task force na mag-aasikaso sa paglilinis ng mga base dahil wala itong magawa kundi "makiusap" sa US na gawin ito.

imperyalismong US at ng kakutsabang rehimeng Estrada sa buhay at kabuhayan ng buong sambayanan. Kailangan ding ikawing ang pakikibakang ito sa pakikibaka ng mga biktima sa iba pang bansa at sa malawak na kilusang anti-imperyalista na sumusulong sa buong mundo. Tanging ang mahigpit na pagkakaisa at puspusang paglaban ng lahat ng api at pinagsasamantalahang mamamayan ang magpapabagsak sa imperyalismong US at makapaggagawad ng katarungan sa mga biktima nito.

### Ibayong imperyalistang panghihimasok



Mahigit nang isang taon sapul nang pinagtibay ng reaksyunaryong senado ang Visiting Forces Agreement (VFA). Sa pamamagitan nito at ng iba pang kasunduang militar, patuloy na binibigyan ng US ng suportang estratehiko, lohistiko, paniktik at moral ang reaksyunaryong AFP. Nais ng imperyalismong US na tiyaking maaasahan ang tutang sandatahang lakas na supilin ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, pangalagaan ang sabwatang paghahari ng US at lokal na reaksyunaryong uri sa bansa at maging epektibong instrumento ang AFP sa pagtataguyod ng interes ng US sa rehiyong Asia-Pacific.

Matingkad na mga palatandaan ng papalakas na presensya at aktibidad ng militar ng US sa iba't ibang dako ng bansa ang sumusunod na mga pagsasanay-militar na idinaos ngayong taon pagkatapos ng Balikatan 2000 noong Enero-Marso:

COOPERATION AFLOAT READINESS AND TRAINING O CARAT 2000. Ang CARAT na unang-unang inilunsad dito sa Pilipinas (Fort Magsaysay, Nueva Ecija) noong Hunyo ay may layuning pahigpitin ang tulungan sa pagitan ng Marine Corps ng US at ng Pilipinas na "balang araw ay magkatuwang na lalaban sa isang larangan ng digma" at sanayin ang mga tropa sa mga taktika at pamamaraan sa pagpatrulya, squad and platoon small arms live fire at placing demolition. Serye ito ng mga pagsasanay-militar sa pagitan ng US

at ng mga bansa sa Asia.

FLASH PISTON 007. Ang Flash Piston 007 ay binuo ng dalawang pagsasanay mula Agosto 4 hanggang Agosto 28 sa Lunsod ng Toledo sa Cebu. Isinagawa ito ng 16-kataong pangkat ng US Navy SEALS at isang pangkat ng Philippine Navy Special Warfare Group. Binuo ng underwater demolition, weapons familiarization, sniper training, direct actions at field training exercise ang Flash Piston 007.

BALANCE PISTON 00-05. Ang Balance Piston 00-05 ay idinaos mula Agosto 15 hanggang Setyembre 22 sa Clark Air Base, Pampanga at Fort Magsaysay, Nueva Ecija. Ito ay pinagsamang pagsasanay sa "jump school" ng mga tropang lokal at 90 myembro ng "A-Team" o *elite* na yunit ng Green

Berets o US Special Forces at 35th Special Operations Group ng US Air Force at ng Special Operations Command ng Philippine Army. Ang Green Berets ay bihasa sa mga operasyong kumando sa kahit anong uri ng tereyn, may kakayahang magpaunlad, magorganisa, mag-armas, magsanay, magturo o gumabay sa mga espesyal na operasyon ng lokal na pwersang laking-batalyon sa iba't ibang bansa.

MARSURVEX 00-04. Ito ay pagsasanay para sa koordinadong operasyong paniktik na isinagawa noong Setyembre 26-28 sa mga baybayin ng Mindoro Occidental at Pangasinan. Nilahukan ito ng mga myembro ng US Navy, Philippine Navy at Philippine Air Force.

PALAH 01-01. Kasalukuyan itong inilulunsad sa Subic at San Antonio, Zambales. Kalahok dito ang 35 elemento ng Philippine Navy at US Navy SEALS. Sinimulan ito nitong Oktubre 16 at nakatakdang tapusin sa unang linggo ng Nobyembre.

Layunin umano ng mga pagsasanay na ito na "itaguyod ang panrehiyong seguridad laban sa pamimirata, terorismo at iba pang mga krimen, gayundin ang seguridad sa mga *evacu*-

10 Oktubre 2000 \*ANG BAYAN

ation center at pag-angkop sa mga natural na kalamidad". Subalit ang mga pagsasanay ay kinatatangian, sa kalakhan, ng operasyong kumando kapwa sa lupa, himpapawid at karagatan, ng paratrooping at small-unit operations; ng pagpanday ng mga pangkat na may kakayahan sa mabilisang disposisyon (rapid deployment forces) gayundin sa paggamit ng tactical satellite communication, burst transmission, mga radyong high-frequency at global positioning system para sa sistemang pangkomunikasyon.

Ang lahat ng ito ay nasa balangkas ng estratehiyang pasulong na disposisyon o forward deployment strategy. Tampok dito ang pirmihang presensya ng Seventh Fleet ng US Navy sa rehiyong Asia-Pacific. Alinsunod rito, nakatitiyak ang US na mabilis itong makapagpapadala ng mga tropa saanman ito maglunsad ng digmang agresyon sa Asia-Pacific hanggang sa Middle East. Dito'y gagamitin ng US ang mga daungan, paliparan at iba pang pasilidad ng mga bansa tulad ng Pilipinas na may umiiral na VFA at iba pang kasunduang militar.

Alinsunod rito, nagmamantine rin ng mahigpit na pakikipag-ugnayang militar ang US sa iba't ibang reaksyunaryong estado sa Asia upang ibayong patatagin ang kontrol nito sa rehiyong Asia-Pacific.

Bukod sa Pilipinas, may bilateral na kasunduang militar ang US sa Thailand, South Korea, Japan at Australia. Naglulunsad ang mga ito ng humigit-kumulang 300 pagsasanay-militar sa buong Asia taun-taon.

Samantala, ibayong pinahihigpit ng US ang relasyong militar nito sa papet na rehimen ng Pilipinas. Nang puntahan ni Estrada ang imperyalistang amo nito noong Hulyo, isa sa mga naging tampok na paksa ang paghiling ng ayudang militar para sa AFP. Bilang tugon, pinagkalooban ng pangulo ng US na si William Clinton si Estrada ng kagamitang militar na nagkakahalagang \$105 milyon: walong UH-1H o *Huey* na helikopter, 100 trak, mga pyesa para sa pagkukumpuni ng walong nakagaraheng eroplanong C-130, isang Coast Guard *cutter* at dalawang *patrol boat*.

Ang pagtaon sa mga pinagsamang

pagsasanay-militar ng pagbisita sa Pilipinas ng mga imperyalistang sugong sina US Defense Secretary William Cohen noong Setyembre 15 at kumander ng mga tropa ng US sa Pacific na si Adm. Dennis Blaire noong Setyembre 24 ay palatandaan muli ng kaseryosohan ng US na panatilihing matapat at epektibong instrumento ang AFP at reaksyunaryong rehimeng Estrada ng kontra-rebolusyon sa Pilipinas at buong Asia.

### Pang-aabuso ng tropang Amerikano

Nauna nang Bumiktima sa mga katutubo at iba pang ordinaryong sibilyan ang Balikatan 2000 noong Enero-Marso. Nang patapos na ang Balikatan, pinagbubugbog noong Marso 6 ng tatlong sundalong Amerikano si Marcelo Batistil, isang drayber ng taksi sa Cebu. Ang mga sundalo ay kabilang sa USS Blue Ridge na dumaong sa Cebu bago ito bumalik sa punong himpilan nito.

Hindi gumagampan ng upisyal na tungkulin ang tatlong sundalo nang bugbugin si Batistil. Subalit imbes na parusahan sa ilalim ng batas ng Pilipinas, pinauwi ang mga ito at ipinaubaya sa mga korte ng US ang paglilitis sa kanila. Labag ito sa mismong isinasaad maging ng buktot na VFA.

Noong huling linggo ng Hunyo, namatay si Arnelo Gabiola, 18, at ang pinsan niyang si Rolley Narvares, 17, at nasugatan si Jordan Villarmina, 11, nang sumabog ang isang granada ng M79 habang nagipon sila ng panggatong sa pinagdausan ng Flash Piston 007 sa Lunsod ng Toledo, Cebu. Hindi ipinagpaalam sa lokal na pamahalaan ng Toledo ang paggamit sa loob ng Atlas Consolidated Mining Development Corp. mula Agosto 14 hanggang 19 bilang *firing range* ng may 30 sundalong US Navy SEALS at Philippine Navy. Bukod rito, wala ring inilabas na babala para sa kaalaman ng publiko hinggil sa naturang pagsasanay. Hindi rin tinupad ng mga tropa ang obligasyong linisin ang lugar na pinagdausan ng pagsasanay. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi inaako ng US ang responsibilidad nito sa pinsalang tinamo ng mga biktima.

Samantala, muling lumalaganap ang prostitusyon sa mga lugar na saklaw ng Balikatan sa Clark at Subic sapul nang lansagin ang mga base militar ng US noong 1991. Bunsod rin ng VFA ang talamak na pagsasamantala sa kababaihan at kabataang pumapasok sa prostitusyon dahil sa matinding kahirapan.

### Tagapagtanggol ng imperyalismo

Ginanap ang Millennium Summit ng United Nations (UN) noong Setyembre 2000 sa gitna ng tumitinding galit at protesta ng mamamayan sa buong daigdig laban sa imperyalistang "globalisasyon". Sa iba't ibang bahagi ng mundo, mula Seattle hanggang Prague, patuloy na bumubuhos sa mga lansangan ang mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan at iba pang inaaping mamamayan upang mariing tuligsain ang mga patakarang neoliberal at ang papel na ginagampanan ng World Bank (WB), International Monetary Fund (IMF) at World Trade Organization (WTO). Karaniwang ginagamit ang UN—ang diumano'y representante ng pandaigdigang komunidad—upang bigyan ng makatao at mapagkawanggawang mukha ang mga imperyalistang dikta at pananalasa habang ang mas matigas na advenda ay idinadaan sa lubos na kontroladong mga ahensya gaya ng WB-IMF-WTO kundiman sa pamamagitan ng tahasang unilateral na mga agresyong militar.

Sa ginanap na Millennium Summit, inadyenda ng UN ang "pagpawi sa kahirapan at mga digmaan" sa mundo dahil "insulto" umano ito sa sangkatauhan. Dahil di mapagtakpan ang malawak na di pagkakapantaypantay ng mga bansa at mamamayan, bilang tagapagtanggol ng imperyalismo, pinagtakpan ng UN ang katotohanang ang ugat ng lahat ng ito ay ang pandarambong at pang-aapi ng mga imperyalista kasabwat ang mga naghaharing uri sa mga neokolonya. Gayundin, inabswelto ng UN ang imperyalismo sa mga krimen nito laban sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pagdeklara na ang puno't dulo ng digmaan ay kahirapan at hindi ang walang patumanggang agresyon at pandirigma ng mga imperyalista at ng kanilang mga lokal alipures sa lumalabang mamamayan.

Inaamin ng mga imperyalistang

kumokontrol sa
UN na namamayani
ang "bagong kaguluhan
sa daigdig" sa halip na
"bagong kaayusan" na
ipinamarali pagkatapos
ng "Cold War". Hindi na
rin pinasusubalian ng
kanilang mga bayarang
ekonomista't "eksperto"
ang paglala ng krisis at
paghihikahos sa halip ng

pamamayani ng paglago at kasaganaang ipinangako ng "globalisasyon". Ayon sa mga pag-aaral ng UN at ng WB, 2.8 bilyong mamamayan (halos kalahati sa populasyon ng daigdig) ang nasa hangganan ng kahirapan at ang dagdag na higit isang bilyon ay namumuhay sa absolutong kahirapan.

Ngunit ang pagtalikod sa dating mga proklamasyon ng tagumpay ay hindi simpleng pagkilala sa nagdudumilat na katotohanang pinalala nito ang dati nang kaawa-awang kalagayan ng napakalaking bilang ng mamamayan sa mundo. Tulak din ng kunwa'y kritikal na pananaw sa "globalisasyon" ang hangad para magkonsolida, muling magpalakas, bawiin ang inisyatiba at muling ibwelo ang neoliberalismo at mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon.



Matapos ang mahabang retorika, todo-todong ipinagtanggol sa UN, sa pamamagitan ng kalihim nitong si Kofi Annan, ang pangunahing imperyalistang patakaran sa pangangatwirang mas malalaki ang benepisyo nito kaysa masasamang epekto. Idineklara niya sa UN na ang tanging paraan sa pagkontra sa malalalang epekto ng "globalisasyon" ay ibayo pang "globalisasyon". Reaksyunaryo at makitid ang kaisipan nitong malulutas ang lahat ng pandaigdigang problema sa pamamagitan ng pagkakawanggawa ng imperyalismo sa anyo ng "pagpapatawad" sa mga utang ng pinakamahihirap na bansa at ng pagdagdag sa ayudang kunwa'y makatao at pangkaunlaran.

Kakoro ng World Bank at IMF, isinisisi ng UN ang laganap na kahirapan sa kawalan o kakulangan ng pangekonomyang paglago ng mga bansa at di pagkakapantaypantay sa mga pagbabago sa teknolohiya at trabaho, diskriminasyon sa kababaihan at labislabis na regulasyon sa kalakalan. Habang sinasabing maaaring pinalalala ng "globalisasyon" ang nasabing mga suliranin, mariing itinatanggi ng UN na ang mga ito ay direktang epekto ng neoliberalismo. Kung kaya't sadyang kahungkagan ang matayog na target na bawasan ang bilang ng maralitang mamamayan at iba pang "makataong" programa ng ahensva.

Sa gitna ng malawak na kaguluhan sa mundo, itinulak ng mga imperyalista, partikular ng US, ang ibayong pagpapalakas sa pwersang "tagapamayapa" ng UN upang ikubli sa likod ng "makataong" interbensyon ang kanilang lantarang panghihimasok sa mga rehiyong nakataya ang kanilang interes. Ininstitusyunalisa ng ahensya ang kalakaran ng "pagsuspinde" sa soberanya ng isang bansa habang ito ay may panloob na armadong tunggalian at binigyangkatwiran ang papatindi at papalawak na agresyong militar laban sa mga bansang tumututol sa kanilang mga patakaran.

aming mayroong kinakailangang pagbabago sa istruktura at kalakaran ng mga ito, pinalalabas ng UN na bukas sila sa hinaing ng mamamayan at sa gayon ay muling magiging katanggap-tanggap ang kanilang mga patakaran at programa.

Ngunit kahit napipilitan itong amining may namamayaning kaguluhan sa mundo, patuloy na minamaliit ng UN at mga imperyalista ang lumalawak na protesta laban sa patakarang "globalisasyon" na sa ngayon ay mabilis na tumutungo sa laganap na paglaban ng mama-

Matapos ang mahabang retorika, todo-todong ipinagtanggol sa UN, sa pamamagitan ng kalihim nitong si Kofi Annan, ang pangunahing imperyalistang patakaran sa pangangatwirang mas

malalaki ang benepisyo nito kaysa masasamang epekto.

Itinakda rin ng
UN ang sariling
mga ahensya at ang
IMF, WB, WTO at
iba pang imperyalistang institusyon bilang
mga tagapatupad ng
"bagong" programa
laban sa kahirapan at
digmaan. Pinalalabo

ang katotohanang ang mga
ahensyang ito
ay importanteng
mga instrumento
ng imperyalistang

pandarambong. Pinagtatakpan nito ang pinsala at pambubusabos na idinulot ng kanilang mga programa, laluna ng IMF at World Bank. Sa pagmayan sa pandaigdigang sistema ng kapitalismo at mga krisis nito. Gayunpaman, hindi na nila mapagtatakpan ang pinsalang dulot sa mamamayan ng kanilang "pangekonomyang modelo" ng neoliberal na kaunlaran. Mismong mga institusyon nila ang tinamaan na ng internal na kaguluhan at umiikot na ang ulo ng kanilang mga eksperto sa paghahanap ng "bagong modelo".

Ipinapakita ng "bagong kaguluhan sa daigdig" ang lalim ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Nararapat lamang na samantalahin ito ng proletaryado sa buong mundo upang isulong ang interes ng kanilang uri at ng lahat ng inaaping mamamayan tungo sa ganap na pagpapabagsak ng imperyalismo.

#### MGA BALITA NG PAKIKIBAKA



#### MARTSA-*CARAVAN* NG MGA MAGSASAKA, MATAGUMPAY NA INILUNSAD

LIBU-LIBONG MARALITANG MAGSASAKA MULA SA HILAGA AT GITNANG Luzon at Timog Katagalugan ang naglunsad ng isang linggong martsa-caravan nitong ikatlong linggo ng Oktubre upang ilantad at tutulan ang malawakang paglabag sa mga karapatangtao sa kanayunan at ang laganap na pagpapalit-gamit at pang-aagaw ng lupa sa mga magsasaka, igiit ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at itulak ang pagpapatalsik kay Estrada.

Matagumpay na nailunsad ang martsa-*caravan* sa kabila ng maka-ilang-ulit na panghaharas ng pulisya at militar sa mga demonstrador bago sila makarating sa Metro Manila.

Rurok ng kilos-protesta ng mga magsasaka ang rali sa Mendiola nitong Oktubre 20 kung saan isinigaw ng mga demonstrador ang malaking pananagutan ng rehimeng Estrada sa uring magsasaka at ang kagustuhan nilang alisin ito sa poder. Bago nito, naglamay ang mga magsasaka sa tapat ng Department of Agrarian Reform at sa tanglaw ng mga sulo ay binatikos nila ang huwad na programa sa reporma sa lupa ng rehimeng Estrada. Naglunsad rin ng programa sa bawat bayang tinigilan ng mga demonstrador.

#### ALYANSA, BINUO, SUNUD-SUNOD NA RALI IDINAOS UPANG IGIIT ANG PAGBIBITIW NI ESTRADA

Isang multisektoral na alyansa, ang "Estrada Resign Movement", ang binuo nitong Oktubre upang pamunuan ang kilusan para igiit kay Joseph Estrada na kusa siyang magbitiw, kundi'y patatalsikin siya.

Puu-puong libong mamamayan mula sa iba't ibang uri, sektor at pwersang pampulitika ang naglunsad ng sunud-sunod na kilos-protesta nitong huling hati ng Oktubre upang isigaw ang "Erap resign!" bunga ng iskandalo hinggil sa hweteng na ibinunyag ni Luis "Chavit" Singson at iba pang kasong kriminal na kinasasangkutan ni Estrada.

Nitong Oktubre 18, nagtipon ang umabot sa 20,000 mamamayan sa Ayala Avenue sa Lunsod ng Makati upang ipahayag ang kanilang kagustuhang tanggalin si Estrada sa poder. Kabilang sa mga tagapagsalita sa rali ay mga kinatawan ng mga militanteng organisasyon, mga dating rebeldeng militar, mga taong simbahan, mga negosyante at mga pulitikong anti-Estrada. Tulad ng naganap sa mga malakihang rali noong dekada '80 laban sa pasistang diktadurang Marcos, umulan ng *confetti* mula sa matatayog na gusali sa Makati. Iwinagayway ang samutsaring kulay ng mga bandila ng iba't ibang grupo at organisasyon na nagkaisa sa panawagang magbitiw si Estrada. Idineklara ng mga demonstrador sa Makati na linggu-linggo silang magdaraos ng rali hangga't hindi nagbibitiw si Estrada.

Sinundan ito ng iba pang mga kilos-protesta nitong Oktubre 25 at 27 di lamang sa Metro Manila kundi sa mga lunsod ng Bacolod, Cebu, Cagayan de Oro, Davao, Butuan, Pagadian at Iligan. Sa mga rehiyon sa labas ng Metro Manila, nagbuo rin ng kani-kanyang alyansa tulad ng "No-Erap" (Negros Occidental-Estrada Resign as President) sa Negros, I-scrap Erap (Ilonggos Solidarity Campaign to Remove Erap as President) sa Panay, "Resign Now" sa Lunsod ng Davao at "Resign, Impeach and Oust Erap Now Movement" sa Lunsod ng Butuan.

Bago nito, nagdaos din ng *prayer rally* nitong Oktubre 17 ang iba't ibang personalidad na anti-Estrada sa pangunguna nina Corazon Aquino at Jaime Cardinal Sin. Ang *prayer rally* na dinaluhan ng mahigit 2,000 katao ay ginanap sa EDSA Shrine sa Lunsod ng Mandaluyong. Dito'y binatikos nila ang kawalan ni Estrada ng moral na karapatang mamuno at nanawagan si Aquino kay Estrada na magbitiw na.

#### 1 SUNDALO PATAY, 1 SUGATAN SA AMBUS SA MT. PROVINCE

ISANG SUNDALO ang namatay at isa ang nasugatan nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma nitong Oktubre 2 sa Bontoc, Mountain

Province. Ang mga inambus na sundalo ay kabilang sa 19th Special Forces Company ng Philippine Army.

#### MGA BALITA NG PAKIKIBAKA



#### 1 SUNDALO PATAY, 4 SUGATAN SA PANANAMBANG SA ABRA

ISANG SARHENTO ng Philippine Army ang namatay habang si Capt. Hector Adriano at tatlo pang sarhento ang nasugatan nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa Baay-licuan, Abra nitong Oktubre 23. Ang mga tinambangang sundalo ay pawang mga elemento ng 17th IB.

#### 1 SUNDALO, 3 CAFGU PATAY SA AMBUS SA AGUSAN

ISANG SUNDALO at tatlong elemento ng CAFGU ang namatay nang tambangan sila ng BHB nitong Oktubre 17 sa Barangay San Policarpio, San Luis, Agusan del Sur. Ang mga inambus na tropa ay kabilang sa pinagsanib na 32nd at 36th IB ng Philippine Army.

### BAGONG PARTIDONG PULITIKAL, ITINATAG

ITINATAG nitong Oktubre 27 ang "Bayan Muna", isang partidong pampulitikang kinaaaniban ng mga maralitang sektor ng lipunan. Layunin nitong harapin ang mga isyu ng korupsyon, dayuhang paghahari at pyudal na pagsasamantala.

Ang partidong pinamumunuan nina Satur Ocampo (presidente), Dr. Reynaldo Lesaca (tagapangulo), Crispin Beltran at Nathaniel Santiago ay lalahok sa halalan sa 2001.

#### MATATAGUMPAY NA TAKTIKAL NA OPENSIBA, INILUNSAD SA BIKOL

ISANG SERYE ng matatagumpay na taktikal na opensiba ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan sa Bikol ngayong Oktubre. Bukod sa matataas na kalibreng armas na nasamsam ng mga Pulang mandirigma, apat na tropa ng kaaway ang namatay at walo ang sugatan sa mga opensiba:

Nitong umaga ng Oktubre 10, isang kalibre .50 at kalibre .30 masinggan, isang M16 at dalawang radyo ang nakumpiska nang tambangan ng BHB ang mga elemento ng 31st IB ng Philippine Army sa Sityo Patag, Barangay San Isidro, San Lorenzo Ruiz, Camarines Norte. Dalawang sundalo ang namatay at anim ang nasugatan sa ambus.

Ayon sa ulat koresponsal mula sa BHB-Bikol, ang mga tinambangang sundalo ay lulan ng isang *armored personnel carrier* (APC) at sasaklolo sana sa iba pang mga tropa ng 31st IB na nireyd ng BHB sa Sityo Butan ng naturan ding baryo noong umaga ring iyon. Nawasak ang APC nang

pasabugan ito ng *land mine*. Sabay-sabay na pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalo na nagkaripasan ng takbo.

Samantala, isang sundalo ng 42nd IB ng Philippine Army ang namatay at isa ring sundalo ang nasugatan nang tambangan sila ng BHB nitong Oktubre 3 nang madaling araw. Ang mga sundalo ay inambus habang nagpapatrulya sa Barangay Haguimit, Lupi, Camarines Sur. Batay sa ulat koresponsal ni Kasamang Ramona Caceres ng Public Information Office ng BHB sa Camarines Sur, ang opensiba ay matagumpay na nailunsad sa tulong na rin ng mga lihim na kontak sa AFP.

Samantala, isang pulis ang namatay nang salakayin ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng Philippine National Police sa Tanday, Nabua, Camarines Sur nitong Oktubre 7. Noong araw ding iyon, pinarusahan ng BHB si Cpl. Arnulfo Esquelo sa Barangay San Roque, Bulan, Sorsogon.

#### KUMPANYA SA PAGTOTROSO, PINARUSAHAN SA ISABELA

PINARUSAHAN ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Benito Tesorio Front (BTF) ng BHB ang isang kumpanya sa pagtotroso sa Isabela. Sinalakay ng BHB noong Setyembre 21 ang *logging pond* ng Liberty Logging Corp. (LLC) sa Barangay Dicamay Uno, Jones at sinunog ang siyam na trak, dalawang buldoser at isang tanker. Tinatayang umabot sa P5 milyon ang pinsalang tinamo ng LLC.

Ayon sa ulat koresponsal ng BTF, pinarusahan ang kumpanya dahil sa patuloy na paglabag nito sa patakaran ng rebolusyonaryong kilusan na nagbabawal sa malakihang komersyal na pagtotroso (corporate logging) sa lugar. Maagap ding tugon ito, anang BTF, sa kagustuhan ng mamamayan sa lokalidad na itigil na ang pagtotroso. Naisagawa ang opensiba sa kabila ng walang humpay na operasyon ng 502nd Brigade ng Philippine Army.